

Permanenteng Bersyon

Wadomari-cho

Bosai Map

(Mapa para sa Pag-iwas ng Sakuna)

Handa ka na ba sa isang sakuna?

Ang Bosai Map ay naglalaman ng impormasyon na naglalayong bawasan ang mga taong maaring masawi dulot ng mga lindol, tsunami, at pagguho ng lupa (landslide).



Wadomari Town Hall

10 Wadomari, Wadomari-cho, Oshima-gun, Kagoshima 891-9192

Tel.: 0997-92-1111

Email: info@town.wadomari.lg.jp

Tatlong Prinsipyo sa Pagtaguyod ng Regional Disaster Reduction



Pagtulong sa sarili:

Pagprotekta o paghahanda para sa sariling buhay (pati ang buhay ng iyong pamilya).

Mutwal na tulong:

Pagtutulungan ng kapitbahay upang protektahan ang komunidad o maghanda sa mga sakuna.

Pampublikong tulong:

Pampublikong tulong, gaya ng mga rescue operation at mga relief goods mula sa mga tanggapan ng gobyerno, kagawaran ng bumbero, at pulisya.

Mga kaganapan mula ng mangyari ang Great East Japan Earthquake

Ang aking karanasan



Lumikas sa bubong ngunit muntikan nang madali — Maling pag-aakala

Nasa trabaho ako nung naglindol. Nag-alala ako pamilya ko dahil nakatira kami sa tabi ng ilog, kaya agaran akong umuwi gamit ang bisikleta, mga 4 na kilometro hanggang sa amin. Pag-uwi ko, wala na sila dahil nakalipas na.

Sa oras na iyon, lumalala na ang tsunami at sunog at kinailangan kong lumikas mula sa balkonahe paakyat sa bubong. Grabe and eksenang nasaksikahan ko mula sa bubungan: mga bahay at kotse na may tao sa loob, at inaanod na silang lahat. Nasaksihan ko iyon at wala akong magawa upang tulungan sila, dahil walang paraan.

Hanggang ngayon masakit pa rin sa damdamin, at napapanaghinipan ko pa din kahit mga anim na buwan na ang nakalipas.

Napagtanto ko na hindi na ligtas. Nagkataon may apat na iba pa akong nakita and nagtulungan kami lumikas papunta sa Junior High School. Kung lalakaran, mga 15 minuto lang ang layo nitong eskuwelahan, ngunit inabot kami ng isang oras. Sa ikatlong araw, nakumpirma ko na ligtas ang aking pamilya. Dalawang araw bago ang sakuna, nataon na napagusapan namin na lumikas sa second floor kung halimbawang magkaroon ng tsunami. Ngunit hindi pala sapat ang pag likas lamang sa klase ng lindol na ito.

Mahalagang pagusapan ninyong magpapamilya kung mangyari ang mga sakunang tulod nito na kakaiba, at alamin saan ang tamang lugar sa paglikas. At huwag mag atubiling pumunta sa evacuation site na iyon. Ang pinaka unang hakbang ay protektahan ang iyong sarili.

(Lalaki, nasa 40s, mangingisda, taga-Kesenuma City)

Quote: mula sa The One Day Ahead Project

One Day Ahead Project (Opisina ng Gabinete, Pahina ng Impormasyon sa Pag-iwas sa Sakuna)

Tinanong naming ang mga taong nakaranas ng pagdurusa sa lindol at baha: "Kung makakabalik ka sa araw bago ang sakunang iyon, ano ang gagawin mo?" Ang tugon ng iba: "Hindi ko naisip na ganoon pala kadali tumumba ang kabinet," at "Sobrang nag-aalala ako dahil hindi ko agad matawagan ang pamilya ko." Ito ay ilang mga pangyayaring magbibigay sa atin ng leksyon.

<http://www.bousai.go.jp/kyoiku/keigen/ichinitimae/index.html>



One Day Ahead Project mula sa Opisina ng Gabinete

One Day Ahead Project



Mga Boluntaryong Paraan sa Pag-iwas sa Sakuna

Boluntaryong Organisasyon sa Pag-iwas sa Sakuna ~Protektahan natin ang ating komunidad!~



Sa Wadamari-cho, ang lahat ay miyembro ng isang boluntaryong organisasyon sa pag-iwas sa sakuna!

And sumusunod ay ang mga tungkulin ng boluntaryong organisasyon sa pag-iwas sa sakuna, sa oras ng may kalamidad o wala. Regular tayong makisali sa mga aktibidad sa pag-iwas sa sakuna upang maipakita natin ang kakayahan ng ating organisasyon kung magkaroon ng emergency.

Aktibidad habang wala pang sakuna

Mga pag-inspeksyon sa komunidad para sa pag-iwas sa sakuna

Suriin ang anumang mga bagay sa loob ng komunidad na maaaring mag-palala ng pinsala sa oras ng sakuna, at alamin kung may mga taong nangangailangan ng tulong sa paglikas.



Magsagawa ng Disaster Drills

Magsagawa ng mga Disaster Drill o pagsasanay upang makapagghanda sa sakuna. Kasama dito ay ang paglikas, pag-paplano o tabletop exercise, at paggamit ng mga fire extinguisher at first aids.



Pagpapalaganap ng kaalaman sa pag-iwas sa sakuna

Pataasin ang kaalaman ng bawat residente tungkol sa pag-iwas sa sakuna, tulad ng paglikha ng mga guidebooks para dito, atbp.



Pagpapanatili ng mga kagamitan at materyales para sa pag-iwas sa sakuna

Batay sa aktwal na kondisyon ng komunidad, maghanda at magtabi ng mga materyales at kagamitan na kakailanganin para sa sakuna na maaring mangyari at laging inspeksyunin ang kanilang wastong paggamit.



Mga aktibidad sa oras ng sakuna

Koleksyon at pagpapalaganap ng impormasyon

Makipagtulungan sa mga lokal na awtoridad upang matiyak na ang mga residente ay makakatanggap ng sapat at napapanahong impormasyon tungkol sa mga sakuna.



Unang hakbang sa pagsugpo ng apoy

Mga aktibidad upang mapigilan ang pag-kalat ng apoy: pag-sisiguro sa supply ng mga fire extinguishers at ng tubig, at unang mga hakbang sa paglaban sa sunog tulad ng pagpapasahan ng balde, atbp.

Mga pagsagip

Magsagawa ng mga operasyon ng pagsagip para sa mga nasugatan at mga nakulong sa ilalim ng mga gumuhong na istraktura, at sa iba pang mga sitwasyon.



Mga Medical Relief

Bigyan ang first-aid sa mga sugatan at dalhin sila sa mga medical relief station kung kinakailangan.

Mga Bagay na Kailangan

Mga bagay na dapat mayroon



Laging maging handa at tiyaking mayroon ka nitong mga gamit na ito sa oras na kailangan.



Plaslayt

Kung maari, tiyaking mayroon ang bawat isa. Huwag kalimutang isama ang mga ekstrang baterya at bombilya.



Emergency na pag-kain at tubig

Maghanda ng mga de-latang pagkain at iba pang mga pagkain na hindi na kailangang iluto. Kung ikaw ay may sanggol, magtabi na rin ng powdered milk.



Portabol na radyo

Maliit, magaan na pwede ang AM at FM. Magtabi ng maraming ekstrang baterya.



Pang-emergency na gamot Mga basic na gamot

Wag kalimutan ang mga pang-dressing sa sugat, band-aid, pang-lagnat at sipon, gamot sa sakit ng tiyan, eyedrops, mga alkohol, atbp. Huwag kaligtaan ang inyong mga iniinom na gamot.



Mahahalagang bagay

Mag sama ng cash, bankbook, hanko, driver's license, health insurance card, atbp. Mainam rin kung cash ang barya.



Iba pa

Magsama ng mga bagay tulad ng helmet (pang-cover sa ulo pag may sakuna), damit, layter (o posporo), kutsilyo, plastic bag, diapers, at baby bottles.

Mga pang-tawid na pangangailangan Mga bagay na ihahanda na sapat lamang para sa sarili upang maitawid ang sakuna

Emergency food

Mga pagkaing de-lata o nasa pakete, dried foods at mga vitamins, tsokolate at kendi, pampalasa, atbp.

Pang-inom na tubig

Tantiyahin ng mga tatlong litro kada tao bawat araw. Magsama ng mga mineral water na nasa lata o bote, at mag-imbak din ng tubig sa mga PET na lalagyan.

Pagprotekta laban sa nakakahawang sakit

- Mask
- Thermometer
- Antiseptiko (alkohol)

Iba pang mga bagay na kailangan

- | | |
|--|--|
| <input type="checkbox"/> Kumot | <input type="checkbox"/> Tabletop na kalan |
| <input type="checkbox"/> Plastik na pambalot | <input type="checkbox"/> Ekstrang silindro ng gas |
| <input type="checkbox"/> Sleeping bag | <input type="checkbox"/> Mga uling |
| <input type="checkbox"/> Mga sabon at shampoo | <input type="checkbox"/> Mga tool tulad ng bareta, pala, atbp. |
| <input type="checkbox"/> Disposable na body warmer | <input type="checkbox"/> Mask |
| <input type="checkbox"/> Lubid | <input type="checkbox"/> Tisyu |
| <input type="checkbox"/> Dyaryo | <input type="checkbox"/> Ekstrang salamin sa mata |
| <input type="checkbox"/> Portabol na inidoro | <input type="checkbox"/> Motorsiklo/Bisikleta |
| <input type="checkbox"/> Dry shampoo | <input type="checkbox"/> Thermometer |



Mahalagang siguraduhin na mayroon ka ng lahat ng kailangang mga emergency supplies, itago ang mga ito sa isang bag, at ihanda ang mga ito para madaling kunin. Bawat minuto ay mahalaga sa oras ng paglikas, kaya walang masyadong pahanon para mag-hanap at maghalungkat sa mga aparador. Ang pinakamahalaga ay nakatago ang mga bagay na gagamitin sa pag-iwas sa sakuna at itago ang mga ito sa lugar kung saan madali itong kunin, tulad sa entrance o pasukan.



Mag-imbak ng at least tatlong araw na supply, at mas mabuti kung kaya ng pang isang linggo.

Maaaring hindi agad dumating ang pagkain at iba pang mga relief goods kung magkaroon man ng malaking sakuna na nagdudulot ng malawaka na pinsala sa isang napakalaking lugar.

Samakatuwid, mahalagang maghanda ng mga pang-emergency na rasyon sa bahay.

Indibidwal na Receiver/Radyong Pang-emergency o Sakuna - Paano ayusin

1. Suriin ang power lamp

- 1) **Berdeng** ilaw - ON: Normal. Magpatuloy sa 4.
- 2) **Berdeng** ilaw na kumikislap: Tama ang pagka-plug. Paubos na ang baterya.
*Ngunit, kung may beep na naririnig, ang ubos na ang baterya.
- 3) **Red light ON**: Hindi wasto ang pagka-plug. Gumagana ang baterya.
- 4) Kumikislap ang **pulang** ilaw: Hindi tama ang pagkasaksak. Paubos na ang baterya.
- 5) Walang ilaw: Hindi tama ang pagkasaksak. Ubos na ang baterya.

*Kapag ang lamp ay **berde**, ang supply ng kuryente ay nagmumula sa saksakan.

*Kapag ang lamp ay **pula**, ang supply ng kuryente ay hindi nagmumula sa saksakan.

2. Siguraduhing nasa [ON] na posisyon ang power switch. (Naka-baliktad ba ito?)

3. Suriin kung ang kable ay naka-plug sa saksakan

4. Suriin ang volume (Hindi ba ito nasa pinakamahina?)

5. Suriin ang uri ng antena (Kung may kasamang antena o naka-hiwalay)

• Kasamang antena (antenna na kasama sa receiver)

- 1) Ang kasamang antena ba ay nakatuon sa tamang direksyon?
- 2) Naka-extend ba ang antenna?

• Para sa antenang naka-hiwalay


- 1) Ang kable ba ay nakapasok sa pinakaloon ng ⑤?
- 2) Mayroon bang sira sa nakahiwalay na antenang dipole?

6. Nakalagay ba ang indibidwal na receiver mula sa unang lokasyon ng pag-install nito?

Indibidwal na Receiver/Radyong Pang-emergency o Sakuna ng Wadamari-cho


Indibidwal na Receiver/Radyong Pang-emergency o Sakuna

NEC Modelo: **JR2F1-8A**



Indibidwal na Receiver/Radyong Pang-emergency o Sakuna

NEC Modelo: **JR2F1-2A**



Kung hindi pa rin gumagana ang receiver pagkatapos isagawa ang mga aksyon sa itaas, mangyaring makipag-ugnayan sa General Affairs Division ng Town Hall.

Tel.: 84-3511

Pinsalang dulot ng Hangin at Baha



Laki at lakas ng bagyo

Ang Japan Meteorological Agency ay nagsasabi ng laki at lakas ng isang bagyo batay sa bilis ng hangin, ito batayan sa pagtantiya ng lakas ng bagyo.

Ang laki ng isang bagyo ay natutukoy sa pamamagitan ng radius ng lakas ng hangin nito sa isang lugar (bilis ng hangin na 15m/segundo. o pataas), at ang lakas nito ay natutukoy batay sa pinakamabilis na hangin.

Ang area sa loob ng malakas na hangin kung saan umaabot at inaasahang 25 m/segundo o pataas ay tinatawag na "storm area."

Tungkol sa mga bagyo, ang pinagsamang ito ay tinatawag na "malakas at malaking bagyo."



Ang sukat ng malaki at sobrang laking bagyo ay maaaring maihalintulad sa laki ng kapuluan ng Japan, tulad ng nasa larawan sa kaliwa.

i Laki ng bagyo

Lebel	Radius ng mabilis na hangin ay 15 m/segundo pataas
Malaki (Malaki ang diametro)	500 km hanggang 800 km
Sobrang laki (Napakalaki ng diametro)	800 km o higit pa

i Lakas ng bagyo

Lebel	Maximum na bilis ng hangin
Malakas	33 m/segundo hanggang 44 m/segundo
Sobrang lakas	44 m/segundo hanggang 54 m/segundo
Marahas	54 m/segundo o higit pa

Lakas at uri ng pag-ulan (sa kada 1-oras na pag-ulan)

Katamtamang lakas

10mm hanggang
20mm



Lusak-lusak sa mga daan, medyo hirap magkarinigan ng usapan. Kailangan ng pag-iingat kung tila magtatagal ang ulan

Malakas

20mm hanggang
30mm



Pagbuhos. Ito ay talagang malakas at ikaw ay mababasa kahit naka-payong. Kung magpapatuloy iyo ng ilang oras, ang isang maliit na ilog ay maaaring umapaw, at may pag-alala na may pagguho ng lupa.

Pagbuhos

30mm hanggang
50mm



Kung magpapatuloy ito nang ilang oras, may panganib ng pagguho ng lupa, at kinakailangan ang mga paghahanda para sa paglikas palayo sa mga mapanganib na lugar. Maaaring may mga nakaharang na daan.

Malakas na pagbuhos Sobrang lakas na pagbuhos

50mm hanggang
80mm



Kapag ang ulan ay bumubulok na parang waterfalls, medyo pumuputi ang paaligid, nagkaka-posibilidad na may mga debris o kalat na aanurin at maari ito humahantong iba pang sakuna.

80mm o
higit pa



May paakiramdam na nakaka-suffocate ito. Malakas ang banta ng malaking sakuna dahil sa malakas na pag-ulan, at kailangan ng matinding pag-iingat.

Malakas na ulan (Pagbaha)

Paano nangyayari ang pagbaha?

Kapag umulan nang malakas sa bandang itaas ng ilog, tataas ang tubig at aagos ito paibaba. Sa mga malalaking lugar na simentado, and tubig ulan ay hindi na nasisipsip ng lupa, ito ay umaapaw sa kanal at dahil hindi na nito kayang kolektahin ang sobrang tubig, naiipon ito sa mabababang lugar. Ito ay nag dudulot na mabilis na pagbaha. Kahit na walang ilog na malapit, dapat bigyang-pansin ang pinsalang idudulot nito.



Pagbaha mula sa ilog
(Pagbaha sa na nangagaling sa ilog)



Ang malakas na ulan ay dumadagdag sa tubig ng ilog.



Ang lebel ng tubig ay tumataas, at ito ay umaapaw sa ilog.

Baha na dulot ng tubig na hindi umaagos patungo sa ilog
(Pagbaha mula sa kanal)



Ang tubig ulan ay umaagos sa ilog sa pamamagitan ng mga kanal.



Kapag bumuhos ang malakas na ulan, tumaas ang antas ng tubig sa ilog. Ang resulta, hindi ito naagos o napupunta sa ilog kaya maaaring umapaw ang mga kanal ng at iba pang lagusan.

*Ang pagbaha na nagmumula sa kanal ay nangyayari rin kapag ang pag-ulan ay lumampas sa kapasidad ng drainage ng kanal.

Mga Gabay Tungkol sa Pagbaha

Area na may lalim ng pagbaha na 5.0 m o higit pa	umaabot ito hanggang sa bubungan ng ika-2 palapag
Area na may lalim ng pagbaha na 3.0 m o higit pa	[umaabot ito hanggang sa ika-2 palapag]
Area na may lalim ng pagbaha na 0.5 m hanggang 3.0 m	[umaabot ito hanggang sa gilid ng bubungan ng ika-1 palapag]
Area na may lalim ng pagbaha na mas mababa sa 0.5 m [umaabot ang bahang ito hanggang tuhod]	

Area na may lalim ng pagbaha na 3.0 m o higit pa

Area na may lalim ng pagbaha na 5.0 m o higit pa

- Ang pagbaha na umaabot sa ika-2 palapag ay nakakasagabal sa pag likas at ito may maaaring humantong sa mapanganib na sitwasyon. Samakatuwid, bukod sa impormasyon sa paglikas, ang mga residente ay dapat ring alaming ang impormasyon ng antas ng tubig sa oras ng pagbaha. Tiyakin dapat ng mga residente na lumikas sa ligtas na lugar, tulad ng isang evacuation shelter.
- Ang mga residente sa mga matataas na gusali ay inaasahin rin na makaranas ng malalim na pagbaha, at kakaailanganin ng oras para sa paglubog ng tubig. Samakatuwid, lumikas sa isang ligtas na lugar tulad ng isang shelter nang maaga.

Area na may lalim ng pagbaha na 0.5 m hanggang 3.0 m

- Ang mga residente na naninirahan sa bahay na may isang palapag o sa unang palapag ng mga apartment complex ay malulubog sa pagbaha. Kung maantala ang paglikas, sila ay mauwi sa mapanganib na sitwasyon. Samakatuwid, bukod sa impormasyon sa paglikas, dapat ring alaming ang impormasyon ng antas ng tubig sa oras ng pagbaha. Tiyakin dapat ng mga residente na lumikas sa ligtas na lugar, tulad ng isang evacuation shelter.
- Para sa mga residente na may mga silid sa ika-2 palapag o sa itaas, ang paglikas pagkatapos magsimula ang pagbaha ay lubhang mapanganib, kahit na ang lalim ng tubig ay 0.5 m. Kaya kung naantala ang paglikas, hindi ito kailangang piliin at maaring umakyat sa ika-2 palapag ng kanilang mga tahanan. Subalit, dapat tandaan na maaring may mga mangyaring problema kung mag patuloy ang pagbaha at maari silang maiwang mag isa o ma-isolate.

Area na may lalim ng pagbaha na mas mababa sa 0.5 m

- Kung maantala ang paglikas, manatili sa itaas na palapag ng bahay. Subalit, dapat tandaan na maaring may mga mangyaring problema kung mag patuloy ang pagbaha at maari silang maiwang mag isa o ma-isolate.

Mangyaring basahin ang mga leaflet ng Japan Meteorological Agency.

(Maari itong ma-download sa pamamagitan ng pag-scan ng mga QR code sa ibaba. Mangyaring basahin ang Mga Tuntunin ng Paggamit bago gamitin ito gamitin.)

Ang pagbasa sa Impormasyon ng Bagyo

Ang pagbasa sa Impormasyon ng Bagyo - Japan Meteorological Agency
Mula sa website ng Japan Meteorological Agency



Ulan at Hangin

Ulan at Hangin - Japan Meteorological Agency
Mula sa website ng Japan Meteorological Agency



Protektahan ang iyong sarili mula sa Storm Surge

Protektahan ang Sarili Mula sa Storm Surge - Japan Meteorological Agency
Mula sa website ng Japan Meteorological Agency



Mga Sakuna sa Pagguho ng Lupa



Mga uri ng pagguho ng lupa

Pagguho ng slope (Paagguho ng bangin)



Ang pagguho ng isang dalisdis (slope), na tinatawag na landslide, ay tumutukoy sa biglaang pagbagsak ng mga bangin o mga slope ng bundok at ito ang pinaka-karaniwang uri ng landslide disaster sa Japan.

Dahil biglaang nangyayari ang landslide, maraming mga tao ang hindi agad makatakas, ito ay nagreresulta sa malawakang pinsala.

Ang mga lugar kung saan maaaring mangyari ang naturang pinsala ay tinatawag na "mapanganib at matarik na slope na maaring bumigay"

Pag-agos ng mga kalat (Debris flow)



Ang pag-agos ng mga kalat, o debris flow, ay ang pangyayari na kung saan ang lupa, bato, at buhangin sa isang slope ay inaagos sa gitna ng lambak nang sabay-sabay dala ng tubig mula sa malakas na pag-ulan.

Dahil ang pagdaloy nito ay mabilis at may mapanirang puwersa, ito ay nagdudulot ng malawakang pinsala. Ang mga sapa, kabilang ang mga nasa bangin at maliliit na uri, na madaling magkaroon ng ganong pinsala ay tinutukoy bilang "mga sapang may panganib magka-debris flow."

Pagguho ng lupa



Ang pagguho ng lupa ay isang pangyayari na kung saan ang isang slope ay layer sa materyales na tulad ng luwad (clay) na hindi pinapasok ng tubig, ito ay nagsisimulang umurong ng dahan-dahan dulot ng tubig-ulan na umaagos sa loob ng layer na ito.

Dahil malaking tipak ng lupa ang sabay-sabay na gagalaw, ito ay magiging sanhi ng malawak na pinsala.

Ang mga lugar kung saan maaaring mangyari ang naturang pinsala ay tinatawag na "mga lugar na madaling magka-landslide."

Tatlong Pangunahing Bagay na Dapat Tiyakin

- Kumpirmahin kung nakatira ka sa isang lugar na may panganib magka-landslide.**

Suriin kung ang iyong bahay ay nasa isang lugar na may panganib sa pagguho ng lupa.

*Kahit na ang iyong bahay ay wala sa isang lugar na may panganib sa pagguho ng lupa, mag-ingat pa rin kung malapit ka mga bangin o maliliit na sapa.

- Kapag nagsisimula nang umulan, tumutok sa impormasyon ng babala tungkol sa pagguho ng lupa**

Ang impormasyon ay matatagpuan sa mga website ng mga organisasyon tulad ng Kagoshima Prefectural Erosion Control Division at nai-broadcast din ito sa mga ulat ng panahon sa TV at radyo.

- Lumikas sa lalong madaling panahon kapag may babala sa pagguho ng lupa sa mga mapanganib na lugar**

Kapag may babala sa pagguho ng lupa, lumikas ng lalong madaling panahon sa ligtas na lugar, tulad ng malapit na evacuation site.

Senyales ng pagguho ng lupa

Kapag may pagguho ng lupa, maaaring lumitaw ang ilang senyales. Nakalista sa ibaba ang mga pangunahing senyales.

Kung napansin mo ang alinman sa mga senyales na ito, mahalagang alertuhan ang mga nasa paligid mo at lumikas kaagad sa isang ligtas na lugar.



Tila may umuungol na tunog mula sa mga bundok.



Bumababa ang antas ng ilog sa kabila ng patuloy na pag-ulan.



Ang tubig ng ilog ay nagiging maputik, at ang kahoy ay humahalo na sa tubig.



Lumikas agad sa isang ligtas na lugar!



May sumisirit na tubig spurts mula sa slope.



Ang tubig sa mga sapa at balon ay nagiging maputik.



May mga bitak na nabubuo sa lupa.



Bumabagsak ang maliit na bato.

Tatlong Pangunahing Bagay na Dapat Tiyakin



Mag-ingat sa ulan!

Sumangguni sa mga distribution na inilathala ng Japan Meteorological Agency tungkol sa malakas na pag-ulan at landslide.



Alamin kung paano mag-evacuate ng maayos.

Dahil mabilis ang daloy ng mga debris, subukang ng patagilid na direksyon.



Alamin ang lugar na pwedeng pag-silungan.

Maipapayo na pagpasyahan ng maaga ng inyong pamilya kung saang lugar ang ruta ng paglikas.

Mangyaring basahin ang mga leaflet ng Japan Meteorological Agency. (Maari itong ma-download sa pamamagitan ng pag-scan ng mga QR code sa ibaba. Mangyaring basahin ang Mga Tuntunin ng Paggamit bago gamitin ito gamitin.)

Distribution tungkol sa panganib ng malakas na ulan at mga babala sa baha

Distribution tungkol sa panganib ng malakas na ulan at mga babala sa baha




Mula sa website ng Japan Meteorological Agency

Tungkol sa Lindol

Mekanismo ng Pagkakaroon ng Lindol

Ang isang lindol ay nangyayari kapag may puwersa na nabubuo sa isang plate dahil sa pressure, at kapag ang ito ay sumobra, ang plate ay nabibiyak o gagalaw ng todo.



Ang hangganan ng plate sa pagitan ng karagatan at lupa ay tinatawag na isang "trench ng karagatan," ito ay may lalim na 6,000 metro o higit pa.

Ang mga lindol na nagaganap dito ay tinatawag na "lindol sa subduction-zone," samantalang kapag dulot ng pagkawala sa lugar ng mga mahihinang parte ng plate ay tinatawag na "lindol na dulot ng aktibong fault."

Paghahanda sa Lindol



Gumawa ng mga hakbang upang maiwasan ang mga muwebles mula sa pagtumba, pagbagsak, o pag-urong.

Ayusin ang mga kasangkapan sa bahay sa paraang maiwasan ang pinsala upang matiyak ang maayos na paglikas.

Protektahan ang mga kasangkapan sa bahay, telebisyon, computer, atbp., at gumawa ng paraan upang maiwasan ang mga ito na tumumba, mahulog, o gumalaw.



Gumawa ng mga hakbang upang maiwasan ang pinsala.

Gumawa ng mga hakbang upang maiwasang kumalat ang mga salamin mula sa mga aparador, bintana, atbp.

Magtabi ang isang flashlight sa lugar na madaling hanapin kung sakaling magkaroon ng brownout.

Magtabi ng mga tsinelas, sapatos, atbp. na malapit abutin para hindi masugatan sa mga nagkalat na bagay.



Suriin ang tibay ng iyong bahay at bakod.

Ipasuri ito para sa lindol at gumawa ng mga kailangang bagay na magpapatibay dito.

Ang mga bloke at kongkretong pader ay dapat patibayin upang maiwasan ang mga ito na gumuho.

Mga Bagay na Upang Mapigilan ang Pagtumba, Paghulog at Pag-urong

- I-secure ang mga muwebles at iba pang mga bagay, ikabit ito upang maiwasan ang pag tumba.
- Tiyakin na ang salamin ng mga sideboard, aparador, bintana, atbp., ay hindi kakalat.
- Para sa mga istante ng libro at sa mga kagamitan sa pag-tsa, ilagay ang mabibigat sa ibaba para maibaba ang center of gravity.
- Huwag maglagay ng mga bagay na maaring magdulot ng panganib sa itaas ng mga istante o kabinet.
- Siguraduhin na ang mga babasagin (bote, atbp.) na nakatago sa mga aparador ay hindi mahulog o tatagilid.